REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 92-25

KAPASIYAHANG NAGTATAGUYOD SA PAGTATATAG NG ISANG DISTRITO NG PATUBIG BAYAN NG MUNTINLUPA (MUNTINLUPA WATER DISTRICT) PARA SA KASIGURUHANG PAGBIBIGAY NG SAGANA AT MALINIS NA INUMING TUBIG SA LAHAT NG BARANGAY AT BAHAY KALAKALAN SA BAYAN NG MUNTINLUPA.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

Ipinanukala ni Kgg. REY E. BULAY

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang karamihan sa ating mamamayan ay hindi naabot ng kasalukuyang pamamaraan ng pagbibigay ng saganang rasyon ng malinis na tubig;

SAPAGKAT, ang pagbibigay ng sagana at malinis na tubig ay isa sa mga pinaka-pangunahing tungkulin ng lokal na Pamahalaan ukol sa ikabubuhay at kalusugan ng kanyang mga nasasakupan;

SAPAGKAT, sa mga nakaraang taon at hanggang sa kasalukuyan, ang Administrasyon sa Lokal na Pagpapatubig (LWUA) at ang walang katapusang gastos sa pagbibigay ng mga poso sa mga barangay ay hindi sapat upang mabigyan kasagutan ang daing ng nakararaming mamamayan sa kakulangan ng sagana at malinis na tubig;

SAPAGKAT, alinsunod sa SEC. 530, Titulo Tatlo Librong Pang-apat ng 1991 Local Government Code "ang lahat ng kapangyarihan, gawain at kaukulang katangian, na ipinagtitibay ng P.D. 198, na tinatawag na "The Provincial Water Utility Act of 1973", na ipinagkakaloob sa Administrasyon ng Lokal na Pagpapatubig (LWUA) ay maari ng lubusang ilipat sa kasalukuyang Pagpapatubig Lokal kung ito ay kanilang hahangarin o pipiliin, sa pamamagitan ng isang kasulatan, kaangkop na ang kapangyarihan, gawain at katangian ng pagpapalakad nito; sa kondisyon na lahat ng pagkakautang ng nasabing Patubig Lokal sa LWUA ay mabayaran muna bago isagawa ang nasabing paglilipat ng Pamahalaang Patubig Lokal."

SAPAGKAT, bilang taga-Pamahalaang Lokal ng Bayan ng sumasabalikat na bigyan ng mabilis na lunas ang mga karaingan ng taong bayan, lalung-lalo na sa kakulangan ng pagkukunan ng sagana at malinis na naiinom na tubig.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahang pagtibayin ang mga sumusunod :

1. Ang pagtatatag ng isang Lokal na Distrito ng Pagpapatubig ng Bayan ng Muntinlupa (Municipal Water District of Muntinlupa).
2. Ang pagtitibay sa paglikha ng mga kaukulang posisyon na kinakailangan para sa pagpapatakbo ng nasabing Distrito, tulad ng mga sumusunod :

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

1 Ex-Officio Managing Director
1 Operations Manager
1 Accountant
1 Computer Programmer
1 Accounting Clerk
3 Plumbers
6 Meter Readers
3 pump Operators
1 Master Electrician

Kaalinsabay sa pagpapatibay ay inaatasan na rin ang Tanggapan ng Guguling Bayan upang isama ang naturang Tanggapan sa Guguling Bayan Taong 1993 at ang paglalaan ng halagang Isandaan Limampung Libong Piso (P150,000.00) para sa Tanggapang ito.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, kalakhang Maynila sa kanilang Tanging Pulong na ginanap ngayong ika-11 ng Nobyembre 1992 sa Session Hall ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINATOTOHANAN :

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal
Pansamantalang Tagapangulo

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KGG. VICENTE YU CHUA
Kagawad
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga Punong-Barangay

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY :

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pansamantalang Punongbayan